

**ANG ANTROPOLOHIYA NG DISASTER  
SA PUNTO DE BISTA NG MGA AYTA  
(Ang mga Ayta ng Banawen,  
Maloma, San Felipe, Zambales  
Bilang Isang Halimbawa)**

**Leonardo R. Estacio, Jr.**

Inilalahad ng sanaysay ang dalawang makasaysayang kapahamakan na inabot ng mga Ayta sa Banawen at kung paano nila tinugunan ito. Una ay ang pagdating ng mga dayuhang sumakop at umangkin ng kanilang mga lupain. Pangalawa ay ang epekto ng pagsabog ng bulkang Pinatubo sa kanilang buhay at kabuhayan.

Ang mga Ayta ay gumagamit ng kanilang mga katutubong kaalaman, kakayahan at pag-uugali para maigpawan ang anumang kapahamakang nararanasan dulot man ito ng kalikasan o ng kapwa-tao. Halimbawa, isang magandang modelo ang ginawang pagbabalik ng mga Ayta sa dati nilang komunidad para ito ay muling itayo at pagyamanin. Ginusto nila ito kaysa manatili sa mga resettlement areas na mistula silang nakakahon at nakapaloob sa pamamahala ng mga taong salat sa pag-intindi at pagkilala sa kanilang kultura at kakayahan. Ang kanilang ginawa ay isang mahalagang ambag at social criticism sa gawaing pag-unlad at pagbabago lalung-lalo na sa disaster management at sustainable development.

Ang kwentong ito ay tungkol sa mga Ayta sa Banawen, San Felipe, Zambales. Bunga ito ng aking pakikipamuhay sa kanila mula 1993 hanggang 1995, panahong sila ay asiwang-asiwa na muling maitayo ang nalahar nilang komunidad. Ang komunidad ay 12 kilometro ang layo sa Barangay Maloma, kung saan matatagpuan ang *National Highway*. Bagama't malapit sa biglang tingin, ang isang masugid na mananaliksik ay aabutin ng halos kalahating araw na paglalakbay para marating ang komunidad. Nais ng kwentong ito na ilahad ang dalawang klase ng sakunang inabot ng mga Ayta sa Banawen. May pagka-*diachronic* ang

isa at ang isa nama'y may pagka-*synchronic*.

Ang pinakaunang sakunang naranasan ng mga Ayta ay ang pwersadong pagtataboy ng mga dayuhang tagalabas at ng mga unat sa kanilang lupaing ninuno.

“Noong panahong halos di abot alaala, isang banyaga ang sumakop at umangkin sa lupain ng mga Ayta. Ang mga Ayta ay nabulabog, pinalayas, at kusang lumayas dahil nawala ang kanilang kalayaan at karapatan sa lugar. Ang iba'y napunta sa Maraza, sa bundok Pinatubo, at napunta naman ang iba pa sa iba't ibang kabundukan. Noong mawala ang mga dayuhang mananakop, pumalit naman ang mga unat. Muling nabulabog ang mga Ayta.... Paglipat ng lupain sa mayayamang unat, katulad ng mga pamilyang Posadas at Certeza, nalipat din ang pagkaalipin, at nalimot na rin ang kanilang karapatan at pag-aangkin sa lupain, dahil panlimang henerasyon na sila mula sa kanilang abot alaala.”  
(Mendigorin, 1993)

Ayon sa patuloy na pagkukwento ni Ka Andes Mendigorin, noong siya ay nagbibinatilyo pa lamang, pawang mayayamang gubat ang mga bundok sa paligid, katulad ng Malapungot, Naglagarian, Sangagasot, Loob-Yangil, Mabatang, Mayakal, Loob-Banawen, Takipan, at Malabeg. Naglalakihan ang mga puno, maraming punongkahoy katulad ng apitong, yakal, narra, lauan, anteng, at pawo (*wild mango*). Maraming-marami rin ang mga hayop-gubat katulad ng mga baboyramo, usa, labuyo, sawa, bayawak, at kahit agila. Ang mga ilog at sapa'y umaapaw sa dami ng mga ulang, bunog, palaka, igat, dalag, at hito. Madali ring mamitas ng mga nakakaing halamang-gubat tulad ng pakpako, amukaw, alukon, at balang na ampalaya. Di kinakapos ang mga katutubong nakatira sa lugar. Nabubuhay sila sa pagtatanim ng palay at iba pang halaman, pangangaso, at pangingsida.

Nabago ang *ecosystem* nang pumasok ang *Martial Law* at nai-award na *pasture lease* ang mahigit sanlibong ektaryang sakop ng lupaing ninuno ng mga Ayta. Binigyan ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) ang *leasee* na pangasiwaan ang lugar sa loob ng 25 taon. Palibhasa, salat sa kaalamang ligal at karapatang pangkonstitusyunal, katulad ng dapat asahan, muling naging kasama at alipin ng *leasee* ang mga Ayta. Pagpasok ng mga mapang-angking unat, tinalbos nilang parang kamoteng kayapkap ang mga kabundukan.

“Kasunod nito, *logging concession* naman ang pumasok sa lugar na inaprubahan ng pamahalaan. Nilipol ng mga *lumberjack* at *chainsaw* ang malalaking punongkahoy. Kaalinsabay nito, isinagawa rin ang pagmimina. Nagamit din ng mga konsesyunaryo ang mga Ayta dahil sila ang nakakaalam ng lugar ng mina. Pero hindi nakinabang ang mga Ayta. Maliban sa pagkamkam sa aming likas-yaman, patuloy din ang kanilang pang-aalipin at paghihigpit sa amin. Nagtalaga ng mga tauhan ang mayayamang unat para kami ay manmanan, takutin, higpitan, at palayasin. Dahil sa labis na paghihigpit, hindi kami malayang nakakapangaso, nakakapagtanim, at nakakapangisda. Nang hindi na makayanan ang pagmamalabis at pang-aabuso, natuto kaming lumaban. May napatay sa mga tauhan ng mayamang unat pero di napatunayan kung sino ang may kaga-gawan. Dahil dito, ilang taong nahinto ang proyekto ng mayamang unat pati na rin ang *pagla-logging* at pagmimina.” (Mendigorin, *ibid*)

Mapapansing ang kasaysayan ng mga Ayta sa Banawen ay kasaysayan ng paglayas/pag-iwas, pagtanggap/pakikipamuhay, at pagtutol/paglaban sa mga nanghihimasok sa kanilang lupaing ninuno. Mapapansin na iba't ibang antas ng pagtugon ang kanilang ipinatupad sa bawat panahon ng pambubulabog ng mga *external na pwersa*. Iba't-iba rin ang naging epekto ng mga pagtugon na ito. Sa isang banda, nakakaapekto ito sa karapatan sa lupa at pangkulturang kalayaan. Sa kabilang banda naman, napatunayan ang mga katutubo ay marunong din mag-aklas at lumaban. Bagay na di pa nababasa o nababanggit sa mga literatura sa kultura at kasaysayan.

Ang pangalawang di malilimitang sakuna na nambulabog sa mga Ayta ay ang di inaasahang pagputok ng Bulkang Pinatubo noong Hunyo 15, 1991. Pagsabog ng bulkan, ang mga katutubong Ayta ay napadpad sa iba't ibang *evacuation center at resettlement area*. Sa unang pagkakataon, sanhi ng kalikasan, ang mga Ayta naman ang “nambulabog” sa mga unat. Ang mapagkalingang Bundok Pinatubo ang siyang nagtaboy sa kanila patungo sa teritoryo ng mga ito. Nagulantang ang mga unat sa dami ng bilang ng mga nagsilikas na mga katutubong Ayta. Bagamat kabaligtaran ang naging epekto ng nasabing pwersadong paglikas.

“Pinakamatindi ang dinanas naming mga Ayta sa lahat ng mga nasalanta at naging biktima ng pagputok ng Bulkang Pinatubo. Unang-una, hindi kami sanay sa buhay unat katulad

ng sementado at makipot na tirahan, mainit na yero, at masikip na ispasyo. Hinahanap namin ang maluwang na bundok at kapatagan kung saan malayang nakakagalaw. Sa *evacuation center*, nakapaloob kami sa mahigpit na pamamahala at pamumuno ng mga taong gubyrno. Hindi rin kami sanay sa may bakod at istilong subdibisyon na tirahan kung kaya't kami ay naaasiwa, nalulungkot, at tahimik na nagngingitngit. At higit sa lahat, hindi kami sanay sa ospital o duktor. Dahil mas naging hiyang kami sa mga katutubong gamot, marami sa amin ang takot sa mga nars at duktor. Na-*culture shock* kami sa mga iniksyon, sirup, at tableta. Kaya't kahit binibigyan kami ng mga gamot, hindi namin ito ginagamit. Ang iba naman ay nagtatago na lamang at umiiwas sa mga nars at duktor. Nakumbinsi naman ang iba na pumayag magpagamot. May ilang sinisisi ang mga mediko na nagmamatay ang kamag-anak habang ginagamot. Ang mga kaguluhang ito ay resulta ng daantaon nang kawalan ng kahandaan ng mga unat na intindihin ang kultura ng mga kulot." (Bagat, 1993)

Di-karaniwang karanasan ang inabot ng mga Ayta sa mga *evacuation center*. Unang-una, hindi sila sanay na pagkaguluhan ng mga tao. Dahil dagsaan ang mga bisita na iba't iba ang layunin, sari-sari ang naging epekto ng mga ito sa mga katutubong Ayta. Nagmistula silang buhay na eksibit sa isang museo. Kinukunan sila ng mga litrato at nakikipagkodakan sila sa mga bisitang nagbibigay ng mga *relief*. Pinapipila sila ng mga namamahala sa kalagitnaan ng matinding araw para maayos na mabigyan ng mga *relief goods*. Pinasasayaw sila ng talipi para maaliw ang mga mapagkawanggawa. Pinurga rin sila ng mga de lata, *noodles*, mami, at tuyo. Dahil di nakasanayan ng kanilang katutubong sikmura at panlasa, nang lumaon ipinagpalit nila ang mga pagkaing ito sa kalapit tindahan. Dahil marahil sa pagkainip at pagkabagot, natuto ang iba na uminom ng alak at magsugal. Ipinagpapalit nila ang kanilang *relief* sa inumin at pera para matugunan ang bagong tuklas nilang dibersyon. Natuto rin ang mga iba na umasa na lamang sa tulong na mula sa gubyrno at sa iba pang pribadong institusyon. Dito nagsimulang magnilay at magdisisyon ang ilang Ayta na bumalik na lamang sa dati nilang komunidad at muli itong buhayin at paunlarin.

“Naging bingi ang pamahalaan sa aming mga kahilingan. Humiling kaming bigyan lamang kami ng bundok, ilog, at patag ay pwede na nila kaming pabayaan. Bilang tugon, binigyan kami ng mabatong bundok na ginawang subdibisyon. Ginawang sementado ang mga daan. Nagpatayo ng mga malakongkretong bahay. Nagpatayo ng mga *basketball court* at *health center*. Nagpatayo ng *livelihood center* kung saan kami ay tinuruan ng *handicrafts* at iba pang pangkabuhayan na wala sa aming katutubong kasanayan at kaalaman. Natuto naman kami pero hindi kami kumita dahil hindi naman nabenta ang mga ginawa. Noong humina na ang tulong-gubyerno at tulong-pribado, hindi naman kami makapagtanim sa mabatong bundok. Kung kami lamang ay pinakinggan, hindi na sana gumastos pa ang gubyerno ng malaking halaga sa pagtatayo ng mga *resettlement area* na noong lumaon ay wala ring naidulot na kahusayan para sa aming mga Ayta.” (Bagat, 1994)

Samantalang gumagastos ng bilyon ang pamahalaan sa pagtatayo ng mga dike kontra sa lahar, napabayaan namang tugunan ang payak na mga pangangailangan ng mga katutubo. Samantalang patuloy ang pagdaloy ng tulong sa mga unat, paudlut-udlot naman ang para sa mga katutubo. Pangyayaring nagbunsod para bansagan ng mga Ayta ang mga inaasahang tulong na di dumarating sa takdang oras at panahon ng pangangailangan na *food-for-lewek* (ang ibig sabihin ng lewek ay matang lumuluwa dahil sa kagutuman).

Dahil di sanay sa palaasang kalagayan, sa masikip at magulong kaligiran, nagdesisyon ang mga taga-Banawen na bumalik sa kanilang dating komunidad at doon muling itayo ang panibagong komunidad. Dahil likas na nagsasarili, madali nilang nasimulang linangin ang malahar na komunidad. Sa simula, apat na pamilya ang naglakas-loob na bumalik. Sinimulan nilang magtanim ng palay sa dating mga bukirin na natabunan ng lahar. Nilinis din nila ang mga gilid ng bundok na tinubuan na ng mga nagtataasang talahib at damo. Nagsimula silang magtanim ng mga punong saging, kamoteng kahoy, at kamoteng kayapkap. Di nagtagal, nagdating ang ibang katutubo. Unti-unting nagtatayuan ng mga bahay kubo sa lugar. Di naglaon, lumawak ang taniman ng mga punongkahoy at mga pagkaing-ugat. Ang mga Ayta ay nagsimula na ring magtanim ng mga gulay at iba pang halamang-gubat, tulad ng pako at balang na ampalaya. Unti-unti ring nanumbalik ang lamang-tubig sa mga ilog, tulad

ng mga ulang, palaka, bunog, at mangilan-ngilang dalag at hito. Di nagtagal, kung saan-saan na nangungulekta na nga mga buto ng punongkahoy at gulay ang mga katutubo. Ipinunla nila ang mga ito sa ilalim ng malalaking puno at tabi ng mga ilog. Pagkaraang tumubo ang mga buto ng mangga, kasuy, atis, tsiko, bayabas, santol, at iba pa, agad-agad na nilang itinatamin ang mga ito sa kanilang pangkomunal na taniman. Binuhay nila ang sistemang komunal para sistematikong maipatupad ang pagpapaunlad ng *biodiversity* ng lugar.

Sa inisyatiba ng ilang lider, nagsimulang kumalap ng suportang panlabas ang mga Ayta para may makatugon sa mga pundamental na pangangailangan ng mga nangagsibalikang Ayta habang pinapaunlad nila ang siguridad ng kanilang batayang-pagkain. Dalawang pribadong suportang institusyon ang tumugon sa mga panandaliang pangangailangan ng mga Ayta. Sa tulong nila, ang mga katutubo'y nagkaroon ng sariling *food-for-work program* na sila ang direktang nangangasiwa. Nakabili na rin sila ng mga dagdag na tanim at buto kasama na ng mga gamit pansaka, tulad ng *hose*, piko, itak, at pala. Nagkaroon din sila ng mga kalabaw at karitong nagagamit hindi lamang sa pagsasaka at pagtatanim kundi pati sa paglilikas ng bigas at iba pang gamit tungong Banawen mula sa bayan. Kaalinsabay ng mga programang ito, nagbukas din sila ng programang panliterasi at gawaing pagsasanay, tulad ng pag-oorganisa, pamumuno, pangangasiwa, at kooperatiba.

Para makatulong sa pagtatanggol sa kanilang karapatan sa lupaing ninuno, unti-unti nilang pinaunlad, nakikipag-ugnayan sa DENR para maisulong ang usaping lupaing ninuno. Hiniling din nila na bigyan sila ng karapatan ng DENR na bantayan ang natitirang gubat at pigilan ang sinumang magtatangkang pakialaman ang mga punong-gubat.

Dahil sa kagila-gilalas na pagsisikap at tagumpay, pagkaraan ng isang taon, ay umabot na sa 52 pamilya, mula apat na pamilya, ang bumalik sa lugar. Sa pagdami ng mga pamilyang bumabalik para muling itayo ang komunidad, nagtayo ang mga Ayta ng isang samahan para mas sistematikong mapangasiwaan ang pagpapaunlad sa umuusbong na kaligiran.

Itinayo ng mga nageksodus na Ayta ang Samahan ng mga Ayta sa Banawen (SABA). Mula rito, bumuo sila ng pamunuan at iba't ibang komiteng tutulong sa pangangasiwa sa iba't ibang usapin at pangangailangan ng samahan, tulad ng sumusunod:

1. Komite sa Pagpapaunlad ng Lupang Ninuno;
2. Komite sa Gawaing Pangkabuhayan;

3. Komite sa Gawaing Kalusugan; at
4. Komite sa Gawaing Edukasyon.

Kaalinsabay nito, pinanday nila ang kanilang mga batas-panloob na binubuo ng sumusunod:

1. Pantay-karapatan;
2. Pantay-disiplina; at
3. Pantay-hustisya.

Ang mga nabanggit ay binabalot at sinusugan ng sumusunod na prinsipyo ng pagkilos:

1. Sama-samang pagpapalano;
2. Sama-samang paggawa;
3. Sama-samang pangangasiwa; at
4. Sama-samang partihan ng biyaya.

At ang pinakamahalaga, ang lahat ng nakapaloob sa samahan ay mababahaginan ng karapatan sa sumusunod:

1. Rasyong bigas;
2. Lupang pagyayamanin sa loteng komunal at loteng indibidwal;
3. Edukasyon ng mga anak at matatandang gustong matutong bumasa't sumulat; at
4. Iba pang biyaya.

Ang nabanggit na mga prinsipyo, batas-panloob, at karapatan na pinanday ng mga Ayta sa tulong ng mga suportang institusyon ay kanilang naipalaganap sa iba't ibang aspetong pangkaunlaran.

Sa usapin ng karapatan sa lupa, ang mamamayan ay binibigyan ng pagkakataong paunlarin ang kanyang sarili sa pamamagitan ng pagtatanim ayon sa kung ilang luwang ang kaya niyang paunlarin. Kasipagan ang pangunahing prinsipyo rito. Ang bawat isa ay pinapayagan ding magtanim ng mga kamoteng kahoy, kamoteng kayapkap, saging, at iba pang tanim sa lupang komunal.

Sa kabilang banda, kinilala rin ang kakayahan ng mga kababaihang Ayta sa pamumuno at pagkilos. Binigyan sila ng karapatang pagyamanin ang isang gahak na kanilang tinamnan ng mga saging, mangga, kasuy, kamoteng kahoy, kamoteng kayapkap, at nakakaing halamang-gubat at halamang-gamot.

Sa disiplina, mahigpit nilang ipinagbabawal ang pag-inom ng alak at paglalasing. Sa mga nakatirang umaalis at lumilipat sa ibang lugar, binabawi nila ang karapatan sa pagtira kasama pati ng naitanim na mga gulay at iba pang pananim. Ginagawa ito para ang lugar ay maiwasan na gawing pansamantalang tirahan ng mga palipat-lipat na katutubo.

Bagama't kapos sa tulong panlabas, ang lugar ay nagawang paunlarin ng mga Ayta sa loob ng mahigit dalawang taon (kalagitnaan ng 1992 hanggang 1995). Sa kasalukuyan, mayroon na silang limang lupang komunal na natamnan ng libu-libo at sarisaring tanim, tulad ng kamoteng kahoy, kamoteng kayapkap, gabi, mangga, kasuy, papaya, bayabas, tsiko, guyabano, langka, at santol. Lumalago na rin ang mga taniman ng saging, bagoyboy (ginagawang walis tambo), pakpako, at iba pang nakakaing halamang-gubat, tulad ng balang na ampalaya. Ang isang lupang komunal na mahigit 100 ektarya ay natamnan ng mga kahoy-gubat, tulad ng agoho, apitong, palosapis, palonapoy, narra, at yakal.

Sa aspeto ng gawaing edukasyon, nagkaroon sila ng dalawang aral na Aytang nagtuturo ng literasi. Sa halos dalawang taon ng pagtuturo, maraming bata at matandang Ayta ang natutong bumasa, bumilang, at sumulat. Bagamat mabagal at nanginginig pa habang nag-aaral, napagtagumpayan na ilang matandang Ayta ang maisulat ang kanilang mga pangalan. Bagay na nagamit nila at ikinatuwa nang sila'y nakapagrehistro at makakalahok sa eleksyon sa unang pagkakataon.

Ang Samahan ng mga Ayta sa Banawen o SABA ay simbolo ng kanilang pagsisikap na maitayo ang bagong komunidad. Katulad ng isang saba o saging na nabuwal sa tindi ng rumaragasang lahar, unti-unti at dahan-dahan silang nagsisikap na muling makatayo at makapagsarili. Sa abot-alaala, ang kanilang mga ninuno ay natutong magsarili at tumuklas ng mga likas na kaalaman at teknolohiya para mabuhay at makinabang sa mga dulot na biyaya ng kalikasan. Nananalaytay sa kanilang mga ugat ang determinasyon, lakas ng loob, at likas na talino.

“Sinikap naming makabalik dito sa Banawen dahil wala kaming nakikitang kinabukasan sa mga itinayo ng ating gubyrno na mga *resettlement sites*. Doon, hindi ka makapagtanim at wala kang kalayaang magdisisyon sa nais mong gawin dahil wala namang alternatibong pagkakakitaan. Dito, malawak ang lupain. Basta lamang magsipag, marami kang malilinisang paligid at pwede mo na itong sakupin at tamnan ng kung anong ibig mong itanim. Malaya kang kumilos na walang nagmamasid at nakikialam.



Palagay ko, kahit walang tulong-gubyerno, nakikita kung pagkaraan ng 10 taon, maunlad na ang bagong komunidad na ito. Harinawang wala nang mga unat pang mabubulabog sa amin. At sa mga bago naming tuklas na kaalaman tungkol sa aming mga karapatan, lalung-lalo na sa karapatan sa lupang ninuno, hindi na muli kaming makakapayag na basta na lamang nilang sasakupin ang aming lugar na wala kaming kalaban-laban.” (Mendigorin, 1995)

May katotohanan ang mga katagang nasambit ni Ka Andres Mendigorin, ang pangunahing bapa ng mga Ayta. Kamakailan lamang, may nagtangkang mamutol ng kahoy-gubat sa kanilang sakop. Kinumpiska nila ang *chain saw* ng iligal na *logger* at binigyan ng babala. Kanila ring pinagbabawalan ang lahat ng nagtangkang manguryente ng isda, kulot man o unat. Ang pag-uuling ay nilimitahan sa mga kahoy na namatay dahil sa lahar. Mahigpit na ipinagbawal ang pagputol ng mga kahoy-gubat maliban sa mga kawayan at buho. Natuto na rin silang magbakod at maglagay ng paskil sa lumang yero at magbabala ng “*No Trespassing - SABA Property*” sa mga manloloob.

Sa kabuuan, mahahalaw natin sa mga Ayta ng Banawen ang dalawang pamamaraan ng pagtugon sa dalawang klase ng sakuna o *disaster*: ang sakung dulot ng panghihimasok ng mga dayuhan at unat at sakunang dulot ng kalikasan. Sa dalawang klase ng sakunang naranasan ng mga Ayta, masusuri ang likas na talino at kakayahang magsarili at lakas ng loob na mapanatili ang kakayahang maligtas sa tuluyang pagkalipol.

Sa mga sakunang kultural, sila ay nagkaroon ng iba’t ibang pamamaraan pangkaligtasan, ang pag-iwas/pagsasarili, ang pagpaparaya/pakikipamahay, at pagtutol/pagpapalawa na mga pagtugon.

Sa sakunang pangkalikasan, mahahalaw natin ang isang angkop na paraan ng *disaster management* na malimit makaligtaan ng mga ahente ng pagbabago ng kultura, lipunan, at kabuhayan. Payak pero epektibo ang istilo ng mga Ayta. Ang batayan ng kanilang pagtugon ay nakaugat pa rin sa kanilang katutubong pananaw at paniniwala:

“Para sa mga Ayta, sagrado ang lupa. Ang lupa ang siyang ina na kung saan sumususo ang lahat at siyang bumubuhay sa lahat ng nilikha — isda, hayop, tanim, at tao. Hindi basta-basta sinasaling o pinuputol ang mga halaman at kahoy dahil ito ay buhay na representasyon ng mga ninuno. ang mga ninunong

namatay at naging abo o lupa ang nagbigay sustansya sa mga kahoy at halaman kaya dapat silang igalang.” (Bagat, 1995)

Pinaiiiral nila ang sama-samang pagpapalano, sama-samang pagkilos, sama-samang pangangasiwa, at sama-samang partihan ng biyaya. Ginagabayan nila ito ng prinsipyo ng pantay-karapatan, disiplina, at hustisya.

Nakabatay ito sa kanilang katutubong gawi ng komunalismo (Fox, 1952) na ipinagpapatuloy sa makabagong sistema ng pagkilos, tulad ng sistemang komite — komite sa pangkabuhayan, komite sa gawaing edukasyon, komite sa lupang ninuno.

Mapapansin natin na dahil sa sarisaring istratohiyang pangkaligtasan (Shimizu, 1989), naiigpawan ng mga Ayta ang mga sakuna, dulot man ng kultural o kalikasan na kundisyon, dahil likas silang panatag at organisadong kumikilos. Halibawa, wala akong naobserbahang Aya na nagka-*trauma* sanhi ng pagputok ng Bulkang Pinatubo. Maluwag nilang tinanggap ang mga pangyayari at matapang nilang hinarap ang hatol ng tadhana.

Ang ginawang pagtugon o pagkilos ng mga Ayta ay isang mahalagang diskurso sa mga istudyante at praktisyuner ng pagbabago ng kultura at kaunlaran. Sa isang banda, mapapansing pinakaepektibo pa ring pamamaraan ng pagbabago ang pagrispeto sa kultura ng mga tao kaysa pagbibigay impusisyon. Sa kabilang banda, sa anumang klase ng sakuna, ang tao ay lilikha at lilikha ng pamamaraan para maiwasan o malabanan ito. At ang magdidikta sa kanya sa pagdidisyon ay ang kanyang karanasan at ang kaligirang humugis sa kanyang iniikutang mundo. Pinatunayan nito na ang mga Ayta ng Banawen, “... sa panahon ng matinding krisis, ay hinuhugot nila ang mayamang katutubong kaalaman at kasanayang pangkalikasan, kasama ng kanilang matatag na relasyong pampamayanan at ng pinanday ng panahon na mga pamamaraang pangkaligtasan para matugunan ang mga sakunang kultural at *environmental*.” (Bennagen, et al., 1995).

Sanggunian

Dokumento ng Samahan ng mga Ayta sa Banawen, 1993-1995.

Bennagen, Ponciano, Leonardo Estacio, Jr., and Andres Mendigorin, Sr. 1995. *Rising from the Ashfall and Lahar: The Experience of the Pinatubo Ayta of Zambales in Upland Development*. A paper presented in a Seminar-Workshop on the Application of Indigenous Knowledge System in Sustainable Upland Development, Forestry Development Center, U.P. Los Banos, Laguna.

Fox, Robert. 1952. *The Pinatubo Negritos: Their Useful Plants and Material Culture*. Philippine Journal of Science 81 (3-4): 173-414.

Pakikipanayam kay Ka Andres Mendigorin at Ka Alex Bagat, Mga Lider ng mga Ayta sa Banawen, 1994-1995.

Shimizu, Hiromu. 1989. *Pinatubo Aytas: Continuity and Change*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.